



# E KUNG GIYERAHIN TAYO NG TSINA?




SIMPLE MARITIME ACCIDENT LANG DAW IYON! MAGKAIBIGAN NAMAN DAW ANG TSINA AT FILIPINAS KAYA HUWAG NANG PALAKIHIN PA ANG ISYU!
AT ANG PANAKOT PA E, MAGREREKLAMO TAYO? E, KUNG GIYERAHIN DAW TAYO NG TSINA? KAYA DAW BA NATIN ITO?
GIYERA AGAD? HINDI NAMAN GANU'N!
TILA NAGPUPUTOK ANG BUTSENG SUMABAD SI TATAY DRIGO...
ANO'NG HINDI? SA KOREAN WAR, HINDI BA NAKI-GYERA ANG MGA TSINO?
MAHINAHON ANG PALIWANAG NI RANDY.
IBA PONG USAPIN 'YON, UNCLE! NU'N NGANG 2012, HINULI AT IKINULONG ANG MGA MANGINGISDANG TSINO NA LUMABAG SA ATING BATAS PANGINGISDA...
HINDI NAMAN PO TAYO GINYERA NG TSINA!
ANG CANADA, BAKIT PO HINAMON NG GIYERA DAHIL SA BASURANG ITINAPON NILA SA FILIPINAS?
LALONG NAGPUPUTOK ANG BUTSE NI TATAY DRIGO.
HEH! DIYAN NA NGA KAYO!
PUMASOK SA KUWARTO ANG MATANDA.
IKAW KASI... DI MO NA DAPAT PINATULAN SI TATAY!
DI KO ALAM NA SASABAD SIYA SA USAPAN!


WALA NA ANG DALAWA NANG LUMABAS SI TATAY DRIGO.
ANO BA ITO? TILA NAIWAN NILA...
ANG USAPIN SA SOUTH CHINA SEA
Ang Karapatang Soberanya at Hurisdiksiyon ng Filipinas sa WEST PHILIPPINE SEA
BINUKSAN NG MATANDA ANG BABASAHIN.
KUNG BAKIT GUSTONG SAKUPIN NG TSINA ANG WEST PHILIPPINE SEA?
TOTOO BA ITO NA NOON PA KUMIKILOS ANG TSINA SA...?
HINDI KAILANMAN NAGING PAG-AARI NG TSINA ANG SPRATLYS HANGGANG 1946 NANG SAKUPIN NG TSINA ANG ITU ABA MATAPOS ITONG LISANIN NG PUWERSANG HAPONES.
ANG DAMI PALANG INAGAW NG MGA TSINO...
5N NEWS
Talaan ng mga Inagaw at Inokupahan ng Tsina sa South China Sea
1946 – Amphitrite Group sa Paracels
1946 – Itu Aba sa Spratlys
1974 – Crescent Group sa Paracels
1987 – Fiery Cross Reef sa Spratlys
NANDILAT ANG KANYANG MGA MATA.
TEKA... TEKA, ME MGA INAGAW NA PALA ANG TSINA SA FILIPINAS!
1988
Subi Reef sa Spratlys, nasa loob ng extended continental shelf ng Filipinas
1995
Mischief Reef sa Spratlys, nasa loob ng exclusive economic zone ng Filipinas
2012
Scarborough Shoal, nasa loob ng West Philippine Sea
ANG SCARBOROUGH PALA AY ANG PANATAG SHOAL O BAJO DE MASINLOC NA MALAPIT SA ZAMBALES?


TEKA... TEKA... BAKA NAMAN FAKE NEWS ITO?
MATAPOS AGAWIN, GUMAWA PA PALA NG MGA ARTIPISYAL NA ISLA ANG MGA TSINO...
AT GINAWA NILANG MGA TILA BASE MILITAR ANG MGA IYON! KUMPLETO SA MGA MAKABAGONG KAGAMITANG PANG MILITAR...?
AT ANG LULUWANG PA... DAAN-DAANG EKTARYA?
AYWAN NGA BA NIYA...
BAKIT BA PARANG MAS KINABAHAN AKO NGAYON?
SUMUNOD NA ARAW...
'GANDANG TANGHALI PO, UNCLE!
IKAW PALA, RANDY,.TULOY KA!
RINA, NANDITO SI RANDY!
IPAGHANDA MO NG MAIINOM! TAPOS, DITO MO NA SIYA PAKAININ SA TANGHALIAN!
NAPAKARAMI 'KONG ITATANONG SA KANYA!
WPS